Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
• STA. CRUZ, LAGUNA •
RECEIVED
JAN 24 2025
By: VIA Ref #: __________
sangguniangpanlalawigan@gmail.com
#(049) 501-1026/(049) 523-4106

Enero 23, 2025

KGG. KALIHIM
Sangguniang Panlalawigan
Sta. Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim:

Magalang na isinusumite sa inyong Tanggapan ang naritong kalakip na Municipal Ordinance na napagtibay ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna gaya ng mga sumusunod:

1. Pambayang Kautusan Blg. 045-2024 – " Isang Kautusan na nag-aamyenda sa Pambayang kautusan Blg. 2018-04 na may Pamagat na "Pambayang Kautusang Mahigpit na Ipinatutupad ang mga bagong Panuntunan at Patakaran para sa Operasyon ng mga Komersyal at Pangbakurang Pagmamanukan at babuyan at/o Iba Pang Uri ng Paghahayupan dito sa Nasasakupan ng Cavinti, laguna at Pagpapataw ng Multa at kaparusahan sa sinumang lalabag sa kautusang ito".

2. Municipal Ordinance No.046-2024 – "An Ordinance on Teachers Day Celebration in the Municipality of Cavinti and Providing Fund Thereof.

Mangyaring patunayan ang pagtanggap nito.

Lubos na sumasainyo,

NITZSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 110 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA- 25 NG NOBYEMBRE 2024 SA BAHAY PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC CAVINTI, LAGUNA.

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
• STA. CRUZ, LAGUNA •
RECEIVED
JAN 24 2025
By: VIA Ref #:
sangguniangpanlalawigan@gmail.com
#(049) 501-1026/(049) 523-4108

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN/
Nangulong Pinuno;

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President

HINDI DUMALO: Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
*(Vacation Leave)*
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
(*Sick Leave*)
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President;
(*Official Business*)

**PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 045 – 2024**

**ISANG KAUTUSAN NA NAG-AAMYENDA SA PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2018-04 NA MAY PAMAGAT NA "PAMBAYANG KAUTUSANG MAHIGPIT NA IPINATUTUPAD ANG MGA BAGONG PANUNTUNAN AT PATAKARAN PARA SA OPERASYON NG MGA KOMERSYAL AT PANGBAKURANG PAGMAMANUKAN AT BABUYAN AT/O IBA PANG URI NG PAGHAHAYUPAN DITO SA NASASAKUPAN NG CAVINTI, LAGUNA AT PAGPAPATAW NG MULTA AT KAPARUSAHAN SA SINUMANG LALABAG SA KAUTUSANG ITO."**

**May-Akda: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member**
*Chairman, Committee on Ordinances and Legal Matters*

*Sponsored by:* Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member
*Chairman, Committee on Agriculture*

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 16 ng Batas ng Republika Blg. 7160 o mas higit na kilala sa tawag na "Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991" na ang isang yunit ng Pamahalaang lokal gaya ng bayan ay magsulong ng mga hakbangin para sa pag-papaunlad ng pangkabuhayan;

**SAPAGKAT,** upang hustong lumawig pa ang mga industriya ng komersyal na paghahayupan base sa mga bagong panuntunan at mga patakaran;

**SAPAGKAT**, ang mga Barangay sa Bayan ng Cavinti ay pawang mga *agriculture in character* at maraming lugar ang malalawak ang sukat, malayo sa *built-up areas* at angkop na angkop para sa negosyong manukan at babuyan at iba pang paghahayupan;

ARNEL LEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHEL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan



OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE MEJILLA
DATE: 1-21-25

**SAPAGKAT,** ang mga built-up areas sa Bayan ng Cavinti maliban sa mga Barangay ng Poblacion at ng Duhat, ay hindi pa maituturing na *highly urbanized* kaya ang mga lupang malalayo sa kabahayan at *agricultural* ang tunay na gamit at *classification* ay maaaring pagkalooban ng perit para sa manukan at babuyan base sa matalinong pagsusuri at *discretion* ng *Municipal Local Development Council*;

**SAPAGKAT**, ang mga Barangay Silangan Talaongan, Kanluran Talaongan, Mahipon, Inao-awan, bukal, Cansuso at Paowin na nasa paligid ng lawa ng Caliraya at Lumot, Barangay Tibatib at Barangay Anglas malapit sa Cavinti Falls ay maituturing na *Tourist Zone*;

**SAPAGKAT,** marami pa namang paraan ang maaaring isagawa upang ma-*control* ang pagdami ng langaw tulad ng alituntunin na nakapaloob sa Artikulo III, Seksyon 10, 11 at 123 ng Kautusang Pambayan Blg. 2018-04;

**SAPAGKAT,** ang pagdami ng langaw ay hindi lamang dulot ng mga manukan at babuyan kundi dala na rin ng ipot ng manok na ginagamit na pataba sa mga halaman, mga langaw na sumisipot sa panahon ng iba't ibang uri ng prutas, mga nakatihang/patay na parros o malaking tulya sa lawa ng Lumot na sanhi rin ng masangsang na amoy, mga kanal at pusali, at mga mamamayang hindi wasto at di pagsunod sa pamamaraan ng wastong pagtatapon ng basura;

**SAPAGKAT,** ang mga legal na industriya ng turismo sa Bayan ng Cavinti na diumano ay maaapektohan ng pagdami ng langaw ay matatagpuan lamang sa apat (4) na barangay, malalaki ang compound at malayo sa built-up areas: Lumot, West Talaongan, East Talaongan at Tibatib;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Cavinti ay naglalayon na higit na maisaayos ang pamamahala ng Industriya ng Komersyal na paghahayupan at binibigyan din ng halaga ang kalusugan ng mga mamamayan at kapakanan ng kalikasan;

**SAPAGKAT**, karamihan sa mga diumano ay tourist destinations sa palibot ng lawa ng Lumot ay walang permit ng *National Power Corporation* at ng Lokal na Pamahalaang kaya sa pananaw ng *Cavinti Municipal Cooperative Development Council*, mas malaki ang maiaambag ng Agricultural Sector, particular na dito sa manuka, babuyan, at iba pang paghahayupan sa pag-unlad ng ekonomiya ng Bayan;

**SAPAGKAT,** ang mga dating manukan at babuyan sa Bayan ng Cavinti na napilitang magsara dahil sa Kautusang Pambayan Blg. 2018-04 ay walang naiulat na nakasama sa kalusugan o negosyo ninuman;

**SAPAGKAT,** maraming *downstream industries* dulot ng pagdami ng mga alagang manok at baboy ang sisigla at makikinabang tulad ng tindahan ng mga *feeds*, *veterinary supplies*, pagkaing karne ng manok at baboy, at dagdag pa dito ang ipot ng mga manok na ginagamit bilang pataba sa mga halaman;

**SAPAGKAT,** ang sektor at industriya ng mga manukan at babuyan at iba pang paghahayupan na ang tanging hangad lamang ay makapag-negosyo at makatulong na rin sa pag-unlad ng ekonomiya at food security sa ating bayan,

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

na siya namang nakakaranas ng diskriminasyon sa dahil sa pagpapatupad ng Kautusang Pambayan Blg. 2018-04;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, matapos ang isang malaya at masinsinang talakayan at para sa pambayang kapakinabangan ay

**IPINASIYA,** gaya nang sa ngayon ay ginagawang pagpapasiya na sinang-ayunan at pinagtitibay ang mga sumusunod na kautusan:

**ARTIKULO I**

**SEKSYON 1. PAMAGAT.** Ang Kautusang ito ay tatawagin na "*ISANG KAUTUSAN NA NAG-AAMYENDA SA PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2018-04 NA MAY PAMAGAT NA "PAMBAYANG KAUTUSANG MAHIGPIT NA IPINAPATUTUPAD ANG MGA BAGONG PANUNTUNAN AT PATAKARAN PARA SA OPERASYON NG MGA KOMERSYAL AT PANGBAKURANG PAGMAMANUKAN AT BABUYAN AT/O PAGHAHAYUPAN DITO SA NASASAKUPAN NG CAVINTI, LAGUNA AT PAGPAPATAW NG MULTA AT KAPARUSAHAN SA SINUMANG LALABAG SA KAUTUSANG ITO.*"

**SEKSYON 2. NASASAKLAWAN**. Saklaw ng Kautusang ito ang lahat ng Komersyal at pang bakurang manukan, babuyan at iba pang paghahayupan sa buong bayan ng Cavinti, Laguna.

**SEKSYON 3. LEGAL NA BASEHAN.** Ang pag-aamyenda at pagpapasa ng Kautusang ito ay alinsunod sa mga probisyon na nakapaloob sa *PD 856 o Sanitation Code of the Philippines* , *RA, 9003* o ang *Ecological Solid Waste Management Act of 2000*, *RA 8749* o ang *Clean Air Act, R.A. 7160* o Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991, *Environmental Code of Cavinti,* at iba pang mga Batas.

**SEKSYON 4. LAYUNIN.** Layunin ng pag-amyenda sa nakaraang Kautusan na mas higit na bigyan ang pag-papaunlad ng ekonomiya sa larangan ng paghahayupang komersyal upang mas higit na rin mabigyan ng seguridad ang pagpaparami ng pagkain kaalinsabay sa paglago ng populasyon ng bayan, pag-unlad ng industriya ng turismo na siyang nagpaparami ng mga dayuhang turista, na sa kabila ng pagpapalago ng industriya ng paghahayupan ay hindi ipapasawalang-bahala ang pangangalaga sa kapaligiran, kalikasan, at kalusugan ng mga mamamayan.

**SEKSYON 5. KAHULUGAN NG MGA TERMINO**. Ayon sa pagkakagamit ng Kautusang ito ang mga sumusunod na mga termino ay magkakaroon ng kahuluigan batay sa isinasaad ng talatang ito:

a. Langaw -isang uri ng insekto na maaaring panggalingan o tagapagdala ng sakit na dumadapo kahit saan, tulad sa pagkain, dumi ng hayup at sa iba pa;

b. *Built-up Area* -tawag sa lugar na kung saan ay mayroong sampu (10) na istraktura na magkakalapit maging itop man ay residensyal, komersyal, intitusyonal, at indastriyal;

c. *Toxicity* -ang kalidan ng pagiging nakakalason;

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHE J. TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

d. *Green Label* -isang *ecolabel* ng mga produkto o serbisyo na napatunayang pangkabuhayan na mas mabuti sa kapaligiran, sa loob ng isang tukoy na kategorya ng produkto o serbisyo;

e. *Environmental Compliance Certificate (ECC)* – sertipikasyon mula sa *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* at *Laguna Lake Development Authority (LLDA)* na nagtatasa kung may potensyal na panganib sa kapaligiran o epekto ang isang proyekto;

f. *Poultry Control Officer*- isang teknikal na tao na may kaalaman sa pagkontrol sa polusyon at pamamamahala sa kapaligiran na ginagampanan ang mga tungkulin at mga reswponsibilidad sa isang particular na proyekto na kinikilala ng *Environemntal Management Bureau* (EMB);

g. Pangbakuran o *Backyard Farm*- ang isang kulungan dapat ay hindi lalampas ng 500 manukan, . kung saan babuyan naman ay hanggang sampung (10) biik o patabain lamang;

h. Komersyal/*Commercial Farm*- ang isang manukan o babuyan o iba pang kulungan ay naglalaman ng higit 500 na manok at kung baboy naman ay higit 10 na patabaing baboy;

i. *Biodegradable Waste*- kahit anong materyales basta mapapakinabangan patapon o hindi;

j. *Biogas Digester*- May isang tangke na ang laman ay dumi ng hayop at iba pang irganikong material na gumagawa ng methane gas sa pamamagitan ng anaerobic digestion;

k. *Citation Ticket*- liham sa lalabag sa alituntunin o probisyon ng ordinansang ito na nakita sa inspeksyon at ang may ari ng babuyan/manukan ay pinapaaalahanang panatilihin ang kalinisan at sundin ang mga pamantayan;

l. *Moratorium*- ang pagpapaliban ng isang Gawain sang-ayon sa kabuuan o bahagi ng isang pambayang kautusan.

## ARTIKULO II
## REHISTRO NG MANUKAN/BABUYAN AT IBA PANG PAGHAHAYUPAN

**SEKSYON 6. REHISTRADONG MANUKAN, BABUYAN AT IBA PANG PAG-HAHAYUPAN.** Anumang manukan, babuyan, at iba pang paghahayupan na mayroong business permit sa panahon ng pagkakapasa ng kautusang ito ay kinakailangang i-renew ang kanilang permit taon-taon , bago o sa araw ng itinakdang palugit sang-ayon sa probisyon ng ipinapatupad ng *Local Revenue Code.*

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

Hindi papayagang magpatuloy ng operasyon ang mga komersyal na paghahayupan kung hindi makakapag- renew ng kanilang business permit.

**SEKSYON 7. HINDI REHISTRADONG MANUKAN, BABUYAN AT IBA PANG PAGHAHAYUPAN.** Ang alinmang manukan, babuyan at iba pang paghahayupan komersyal man o pang bakuran na kasalukuyang nag-o-*operate* na subalit hindi pa nakarehistro matapos maisabatas ang pag-amyenda sa kautusang ito ay kinakailangang mairehistro at makakuha ng business permit sa loob lamang ng itatakdang araw ng Tanggapan ng pambayang Ingat-Yaman at kinakailangang i–*renew* ang nasabing permit taon-taon bago o sa araw ng itinakdang palugit sang-ayon sa probisyon na ipinapatupad ng Pambayang Ingat-yaman.

Hindi na papayagang magpatuloy ng operasyon ang mga Komersyal na manukan, babuyan at iba pang paghahayupan kung walang kaukulang business permit matapos ang itinakdang palugit ng Tanggapan ng Pambayang Ingat-yaman.

**SEKSYON 8. REHISTRO NG KOMERSYAL NA MANUKAN, BABUYAN AT IBA PANG PAGHAHAYUPAN**. Dagdag sa mga kinakailangan sa pagkuha ng business permit ang mga sumsunod na requirements ay dapat isumite o tupdin ng mga magrerehistro ng komersyal na paghahayupan:

A. *Barangay Clearance*;
B. Kopya/sipi ng *Environmental Compliance Certificate* (ECC) o *Certificate of Non-coverage* (CNC) mula sa Tanggapan ng *Environmental and Natural Resources* at *Clearance* mula sa LLDA;
C. Sertipikasyon buhat sa *Environmental Management Bureau* (EMB) na pinatutunayan na mayroong rehistradong pollution control officer ang manukan kung ito ay naglalaman ng limang libong manok at/o isang daang baboy, o naaayon sa hinihingi ng DENR;
D. Kopya ng *Locational Clearance* na manggagaling sa Tanggapan *Municipal Planning and Development Coordinator* (MPDC) na pinatutunayan na ang nasabing manukan o babuyan o iba pang paghahayupan ay naaayon sa plano ng Pamahalaang Bayan ng ating *Zoning Ordinance* at HLURB gaya ng mga sumusunod:

    1. Ang manukan, babuyan at iba pang paghahayupan ay hindi dapat itayo sa lupang laging basa;
    2. Walang manukan, babuyan o iba pang paghahayupan ang maaring itayo sa loob ng mga urbanisadong lugar o sa Gitnang Bayan (Barangay Poblacion);
    3. Maaari lamang itong itayo sa sa mga lugar na agricultural zone, ayon sa itinatakda na *Comprehensive Land Used Plan* ng Pamahalaang Bayan ng Cavinti;
    4. Ipinagbabawal sa mga lugar na kabahayan o residensyal;
    5. Ang manukan, babuyan at iba pang paghahayupan ay dapat may layong 25 metro mula sa lugar ng pinagkukunan ng tubig inumin;
    6. Kung ang manukan ay *small scale* (501-5000 manok), ito ay dapat may layong kagaya ng mga sumusunod :

        6.1 200 metro o higit pa mula sa built-up areas;

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

6.2 200 metro para sa mga residensyal, komersyal, institusyonal at industriyal na lugar;
6.3 250 metro mula sa mga kalsada at;
6.4 100 metro mula sa ibang manukan;

7. Kung ang manukan ay medium (5001-10000 manol) o large scale(10000 o higit pa), ito ay dapat may layong hindi bababa kagaya ng mga sumusunod :

    7.1 100 metro mula sa built-up areas;
    7.2 200 metro para sa mga residensyal, komersyal, institusyonal at industriyal na lugar;
    7.3 250 metro mula sa pangunahing kalsada at
    7.4 100 metro ang layo mula sa ibang manukan;

8. Kung babuyan ay mayroong 2 inahin at 11 patabain/biik pataas, ito ay dapat may layong hindi bababa kagaya ng mga sumusunod:

    8.1 200 metro o 300 metro mula sa built-up areas;
    8.2 250 metro mula sa mga residensyal, komersyal, institusyonal at industriyal na lugar;
    8.3 300 metro mula sa mga kalsada at ;
    8.4 100 metro ang layo mula sa ibang babuyan;

9. Ang disenyo ng manukan/babuyan at iba pang paghahayupan at ang mga istraturang nakapaloob dito ay dapat naaayon sa itinatakda ng *HLURB*, tanggapan ng Pambayang Inhinyero at Tanggapan ng Pambayang Agrikultur;

E. Sertipikasyon buhat sa *Municipal Environmnet and Natural Reources* (MENRO) na ang manukan, babuyan, at iba pang paghahayupan ay nagtataglay ng mga sumusunod na istraktura para sa pagsasaayos ng dumi at pagkontrol ng polusyon sa nasasakupan ng nasabing paghahaqyupan:

1. *Septic Tank* para sa waste water na naaayon sa rekomendasyon ng MENRO o sa ipinapatupad na *Proper Sewage Treatment and Septage Management System Ordinance*;
2. Libingan ng mga namatay na mga hayop o *Mortality Pit* na naaayon sa rekomendasyon ng MENRO at *Rural Health Unit* (RHU);
3. Lugar na lagayan ng tuyong ipot/dumi na napapalibutan ng net o *screen*;
4. May bukod na lugar na lagayan ng basing ipot/dumi na napalilibutan ng net o screen;
5. *Biogas digester* para sa Babuyan (kung Komersyal);
6. Basurahan para sa basurang nabubulok at compost pit o *composting area* sa *biodegradable wastes* .

F. Ang mga may-ari ng mga manukan, babuyan, o iba pang uri ng pag-hahayupan ay kinakailangang sumailaim sa isang *seminar/*

ARNEL LEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

*orientation* para sa mga bagong aplikante at/o magre-renew ng kanilang permiso para sa paghahayupan isang beses sa nilolooban ng isang taon.

G. Kopya ng kontrata o kasunduan sa pinagkukunan ng gamot pamatay o pangkontrol sa peste o langaw. Ang mga gamot o lason na ito ay dapat :

1. *Green Label* o mababang toxicity;
2. Mayroong *attractant effect*;
3. Nanggagarantiya ng pagkamatay ng isekto sa lugar na pinaglagyan.

H. Ang mga may-ari ng mga manukan, babuyan, o iba pang uri ng pag-hahayupan ay kinakailangang mayroong *health clearance or health certificate;*

I. Iba pang mga kinakailangan na nakapaloob sa *Local Revenue Code* ng Pamahalaang Bayan ng Cavinti.

**SEKSYON 9. REHISTRO NG PANG-BAKURAN NA MANUKAN, BABUYAN AT IBA PANG PAGHAHAYUPAN-** Ang lahat ng pang-bakurang manukan, babuyan at iba pang uri ng paghahayupan ay kinakailanga i-rehistro sa Tanggapan ng Pambayan Agrikultur.

## ARTIKULO III
## PAGKONTROL SA LANGAW AT MABAHONG AMOY

**SEKSYON 10. TUNGKULIN NG MGA MAY-ARI.** Responsibilidad ng mga may-ari at nagpapatakbo ng mga paghahayupan na makontrol ang langaw at mabahong amoy na maaaring magdulot ng masamang epekto sa kalusugan ng mamamayan o ng publiko.

**SEKSYON 11. INSPEKSYON O PAGSUSURI. Ang** Tanggapan ng Rural Health Unit, Tanggapan ng Pambayang Agrikultur at *Municipal Environment and Natural Resources Office* (MENRO) ay magkaroon ng regular na pagbisita tuwing makatlong buwan o *per quarter* sa lahat ng manukan, babuyan at iba pang paghahayupan sa nasasakupan ng Bayan ng Cavinti.

Ang hindi pagpapatuloy o pagpapahintulot na pasukin ang lugar ng paghahayupan ng sinumang empleyado o kinatawan ng tatlong tanggapan ay maaaring maging rason sa pagkansela ng business permit ng nasabing negosyo.

Kung mayroong makikita sa inspeksyon na di naaayon sa regulasyon at patakaran ng kautusang ito ay papadalhan ng citation ticket ang may-ari at/o nagpapatakbo ng negosyong nasasaad sa kautusang ito para sa kaagarang pagtalima.

**SEKSYON 12. MGA PANUNTUNAN AT PATAKARAN-** Ang sinumang may-ari at/o nagpapatakbo ng komersyal at pang bakurang manukan, babuyan at iba pang uri ng paghahayupan ay dapat tuparin at sundin ang mga sumusunod:

ARANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

1. Ang manukan ay dapat napalilibutan o *enclosed* ng *screen*; Ang lahat ng lagusan , pintuan at bintana ng manukan ay dapat natatakloban o nahaharangan ng *screen*;
2. Ang pambakurang namanukan, babuyan at iba pang uri ng paghahayupan ay maaari lamang itayo sa lugar na alinsunod sa ipinatutupad ng *zoning ordinance*;
3. Ang paglalagay ng kawayan o anumang istraktura para hindi direkta sa lupa ang ipot;
4. Ang paglalagay at paggamit ng *enzyme*, na aprubado ng *Department of Agriculture* (DA) ng lokal na pamahlaan para sa nasabing negosyo;
5. Paggamit ng pest control o gamot pangkontrol ng langaw at iba peste sa manukan, babuyan. Ang gamot na pangkontrol peste o langaw ay dapat gamitin sa loob at labas ng establisyemento at mga hauler trucks ng mga hayup;
6. Ang may-ari o nagpapatakbo ng manukan/babuyan ay dapat magsagawa ng fogging matapos ang *clean-up harvest* sa loob ng establisyemento at sa loob ng sampung(10) metro sa kanilang nasasakupan;
7. Magsumite sa RHU *Sanitation Section* ng listahan at resibo ng mga nabili at nagamit na *pest control* tuwing ikatlong buwan.

**SEKSYON 13. PAGBUO SA *TASK FORCE PIGGERY AT TASK FORCE POULTRY*.** Sa kautusang ito ay bubuuin ang isang grupo ng kawani ng Pamhalaang Lokal ng Cavinti sa pamamagitan na rin isang Kautusang Pang-Ehekutibo at ito ang mga sumusunod :

| | | |
|---|---|---|
| *Chairman* | : | *Municipal Planning and Development Coordinator* |
| *Vice Chairman* | : | *SB Member Chairman on Health and Sanitation* |
| *Members* | : | *Municipal Administrator*<br>*Municipal Agriculturist Officer*<br>*Municipal Sanitation Officer*<br>*SB Member-Chairman on Agriculture*<br>*SB Member-Chairman on Environmental Protection and Disaster Preparedness*<br>*Cavinti MPS*<br>*Municipal Environment and Natural Resources Officer*<br>*Business Permit and Licensing Officer*<br>*President - Association of Barangay Chairperson (ABC)* |

**SEKSYON 14. MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD NG *TASK FORCE*.** Ang mga bumubuo ng *Task Force* ay may mga tungkulin na dapat gampanan kagaya ng :

1. Mag-*inspect* o bumisita sa lahat ng may manukan, babuyan at iba pang uri ng mga paghahayupan;
2. Mag-rekomenda sa Punumbayan ang pagpapasara at/o kinakailangang hakbangin ng Lokal na Pamahalaan para sa lahat ng nagmamanukan, nagbababuyan, at iba pang naghahayupan na

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

napatunayang *illegal* at/o walang kaukulang permiso sa pagne-negosyo gayun din ang mga hindi tumutupad sa mga pamantayan na sinasaad ng kautusang ito;

3. Maghanda sa pag-i-imbentaryo at magsumite ng ulat sa Tanggapan ng Punumbayan ukol sa resulta ng ginawang inspeksyon upang mabatid ang kalagayan ng paghahayupan sa Bayan;
4. Tiyakin ang tamang pagsasagawa at pamamaraan ng paghahayupan alinsunod sa mga pamantayan at mga kautusang pinaiiral;
5. Gampanan at magrekomenda ng iba pang mga gawain na makakapagdulot ng tamang pamamaraan ng paghahayupan na hindi sumasalungat sa mga probisyon ng kautusang ito.

## ARTIKULO IV
## SARI-SARING PROBISYON

**SEKSYON 15. PAGBIBIGAY NG PALUGIT**. Bibigyan ng limang (5) taong palugit mula sa pagkakabisa ng pambayang kautusang ito ang lahat ng mayroong komersyal at pangbakurang manukan, babuyan at iba pang uri ng paghahayupan na makapag-*operate* habang isinasaayos ang kanilang *locational clearance* alinsunod sa isinasaad ng umiiral na *Zoning Ordinance*.

**Matapos ang itinakdang palugit ay hindi na maaring makapag-operate ang komersyal at pangbakurang manukan at babuyan na hindi mabibigyan ng locational clearance dahil taliwas sa *Zoning Ordinance*.**

**SEKSYON 16. PAGAPAPASARA SA MGA HINDI TUMUTUPAD SA PAMANTAYAN NG KALINISAN SA LOOB NG ITINAKDANG LIMANG (5) TAONG PALUGIT**. Ang ano mang uri ng manukan , babuyan at iba pang uri ng paghahayupan na binigyan ng palugit na inireklamo at napatunayang hindi tumatalima sa tamang pamantayan ng kalinisan at pagkontrol ng langaw sang-ayon sa itinakda ng batas, ay agad na ipasasara.

**SEKSYON 17. PAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNUMBAYAN PARA MAKAPAGBIGAY NG MORATORIUM**. Binibigyan ng kapangyarihan ang Punumbayan na makapagbigay ng Moratoryum (*Moratorium*) sa pag-i-isyu ng kaukulang permiso sa pagmamanukan at pagbababuyan at iba pang uri ng paghahayupan kung kinakailangan para sa pampublikong kapakanan at kalusugan ng mga mamamamayang nasasakupan.

## ARTIKULO V
## KAPARUSAHAN

**SEKSYON 18. Takdang parusa sa lahat ng mga nagpapatakbo ng di-rehistradong Manukan, Babuyan at iba pang uri ng paghahayupan-** Ang mga sumusunod na kaparusahan ay ipapataw sa sinumang may-ari (*owner*) at/o nagpapatakbo (operator) na lalabag sa mga probisyon ng kautusang ito:

18.1. PAMBAKURANG Manukan/Babuyan/iba pang Uri ng Paghahayupan:

18.1.a. Unang Paglabag - Php2,000.00
18.1.b. Ikalawang Paglabag - Php2,500.00 multa at isang (1) buwan hanggang

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

tatlong (3)na buwang pagkakabilanggo;

18.1.c.Ikatlo at mga susunod pang paglabag- Php2,5000.00 at pagpapasarado ng establisyemento at/o hanggang anim(6) na buwang pagkakabilanggo o ayon sa pagpapasiya at hatol at hukuman.

18.2. Komersyal na Manukan, Babuyan at iba pang uri ng Paghahayupan:

18.2.a. Unang Paglabag - Php2,000.00 umulta at isang buwan at anim na buwang pagkakabilanggo.

18.2.b. Ikalawang Paglabag - Php2,500.00 multa at tatlong (3) buwan hanggang tanim (6) na buwang pagkakabilanggo.

18.2.c. Ikatlo at mga susunod pang paglabag- Php2,5000.00 at pagpapasarado ng establisyemento at/o hanggang isang(1) na taong pagkakabilanggo o ayon sa pagpapasiya at hatol at hukuman.

## ARTIKULO VI
## PAGPAPAWALANG BISA, PAGKAKAHIWALAY AT PAGKAKABISA

**SEKSYON 19. SUGNAY NA NAGPAPAWALANG BISA.** Na ang anumang mga naunang kautusan na sumasalungat sa isinasaad ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at saysay, upang mabigyang daan ang mga pag-amyenda sa kautusang ito.

**SEKSYON 20. HIWALAY NA SUGNAY** . Na kapag ang anumang bahagi o probisyon ng kautusang ito ay naideklarang hindi naaayon sa mga Saligang Batas at iba pang takdain ay hindi nakakaapekto sa katumpakan at pagkakabisa ng iba pang mga bahagi o probisyon.

**SEKSYON 21. PAGKAKABISA.** Na ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay ganap na mapagtibay ng Sangguniang Bayan , dumaan sa isang pampublikong-pandinig, at hustong napag-aralan at kinilala ng Sangguniang Panlalawigan at maipaskel sa mga hayag na lugar at Social Media Account ng Bayan sa naloloob ng Labin-Limang (15) araw.

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

**PINATUTUNAYAN KO** ang kautusang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika- 110 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika- 25 ng Nobyembre 2024.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**ATTESTED:**

**HON. MILBERT L. OLIVEROS**
**VICE MAYOR AND PRESIDING OFFICER**

**APPROVED:**

**HON. ARRANTLEE R. ARROYO**
**MUNICIPAL MAYOR**

***Date Signed :*** 01-23-2025

**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Cavinti**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

KATITKAN NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG TUNGKOL SA "ISANG KAUTUSAN NA NAG-AAMYENDA SA PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2018-04 NA MAY PAMAGAT NA "PAMBAYANG KAUTUSANG MAHIGPIT NA IPINATUTUPAD ANG MGA BAGONG PANUNTUNAN AT PATAKARAN PARA SA OPERASYON NG MGA KOMERSYAL AT PANGBAKURANG PAGMAMANUKAN AT PAGBABABUYAN AT/O IBA PANG URI NG PAGHAHAYUPAN DITO SA NASASAKUPAN NG CAVINTI, LAGUNA AT PAGPAPATAW NG MULTA AT KAPARUSAHAN SA SINUMANG LALABAG SA KAUTUSANG ITO NA GINANAP NOONG IKA-31 NG ENERO 2024, DITO SA BULWAGANG PULUNGANG PAMBAYAN.

MGA DUMALO: SB ROMEL J. VILLANUEVA-TAGAPANGULO LUPON SA MGA BATAS, ORDINANSA AT LEGAL NA USAPIN;
SB GODFREY L. LUBUGUIN-TAGAPANGULO LUPON SA GAMIT SA LUPA;
SB JIMMY JOSE V. OLIVEROS – TAGAPANGULO LUPON SA AGRIKULTURA;
SB GLENN HAZE M. CABUHAT-TAGAPANGULO LUPON SA TURISMO;
SB HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE-KASAPI.

PANAUHIN: (See Attached Attendance)

PAGTALAKAY SA PAKSA:

Binuksan ni SB Romel J. Villanueva ang Pampublikong Pagdinig sa ganap na ika-9:05 ng umaga. Agad isinunod ang pag-aalay ng isang panalangin sa pamumuno ni G. Eladio Oliveros mula sa Brgy. Cansuso. Nagpasalamat si SB Romel J. Villanueva sa mga panauhin dahil sa pagbibigay ng sapat na oras bilang bahagi ng kanilang tungkulin ang pagdalo sa tulad ng ganitong patawag. Sang-ayon pa sa kagawad na noong siya ay nanunungkulan sa barangay ay pareho din ang tungkulin, lamang sa pambayan ay mas pinalawig ang paggawa ng batas. Dagdag pa ni SB Romel J. Villanueva na ang mga barangay ay magkakaroon ng BNEO (Barangay Newly Elected Officials )upang higit na mapahusay ang pagganap sa tungkulin ng isang namumuno, dahil aniya ang pagsiserbisyo ay napakahalaga. Ipinaliwanag pa niya na may basehan naman ang paggawa ng batas kaugnay sa industriya ng ng paghahayupan at kaalinsabay din nito ang pangangalaga sa kapaligiran.

Bago dumako sa talakayan ay inisa-isang kinilala ni SB Romel J. Villanueva ang lahat ng nagsidalo sa Pampublikong Pagdinig at hinikayat na makapagbahagi ng kanilang opinyon/kaalaman kaugnay sa paksain. Pahayag pa ng kagawad na tulad daw ng Kautusan Blg. 218-04 tungkol sa pagmamanukan/pagbababuyan na kung saan ito ay may limang taon (5) na, kaya't ma-aari ng maamyendahan. Kagaya rin daw ng tax code na pagkakatapos ng limang taon ay kinakailangang amyendahan.

Ibinahagi rin ni SB Romel J. Villanueva na kamakailan lamang ay nagpatawag ang pangulong Bombong Marcos sa mga miyembro ng municipal development council/Punong Barangay at hinihiling na paunlarin ang industriya sa paghahayupan. Ngunit dito daw sa ating bayan ay ang pinag-uukulan ng pansin ay ang industriya ng turismo, kaya tagubilin ng kagawad na dapat daw ay parehong/pagsabaying paunlarin ang paghahayupan at panturismong kabuhayan dito sa Cavinti. Kaya sang-ayon kay SB romel J. Villanueva ay napapanahon na para ang paksa ay mapagtalakayan at kaugnay rito sinabi ng kagawad na may existing ordinance na sa pagmamanukan/pagbababuyan at ito daw ang pagbabasehan sa pag-aamyenda.

Sa pagpapatuloy ni SB Romel J. Villanueva ay tinunghayan ang sipi ng draft ordinance at binasa sa kapulungan ang ibang Artikulo/seksyon lalo na iyong mga bahagi na nagkaroon ng mga pagbabago upang bigyan ng pagpapaliwanag.

Sa unang pahina, dito ay nakasaad ang pamagat ng ordinansa at ipinaliwanag ng kagawad na iyong mga salita/parerala na nakasulat ng kulay pula ay iyon ang mga napadagdag sa pag-aamyenda ng ordinansa at iyong nakasulat ng itim ay mula sa dating ordinansa. Gayundin, aniya ang mga dahilan (Whereas's) na ito ay nagkaroon din ng mga pagbabago.

Pagdating naman sa Seksyon 2. Ayon kay SB Romel J. Villanueva na sa dating ordinansa ang nakasaad ay **"Nasasakop"** ngunit sa draft ordinance ay ang isinaad ng kagawad ay **"Nasasaklaw"** dahil sa kanyang pananaw ay mas angkop daw na ito ang gamitin.

Binigyang pansin din ang Seksyon 8. Rehistro ng mga Komersyal na Manukan, Babuyan at iba pang Paghahayupan, gaya ng sumusunod:

a. Barangay Klirans- Ipinaliwanag ni SB Romel J. Villanueva na ang Barangay Klirans ay idinagdag niya sa pag-aamyenda ng ordinansa, sapagkat base daw sa Local Government Code na bago magsimula ang isang negosyo ay kinakailangang kumuha muna ng barangay Clearance at dapat ay taon-taon ang pagkuha nito. Kaaugnay rito, paalala ng kagawad na kinakailangang ang bawat barangay ay may sariling Barangay Tax Code na paiiralin sa kanilang barangay na nasasakupan. Dagdag pa ng kagawad na wala naman daw binabanggit sa Local Tax Code na halaga ng Barangay Clearance, kaya aniya, ito'y nasa pagpapasiya ng nanunungkulan sa barangay. Ibinahagi rin ni SB Romel J. Villanueva na noon daw siya ay sa barangay pa nanunungkulan, ang Barangay Poblacion daw ay talagang may ipinatutupad ng Tax Code at ito ang nagsisilbing Bibliya sa kanilang barangay.

d. Kopya ng Locational Clearance na manggagaling sa Municipal Planning and Development Council (MPDC)..........

6. Kung ang manukan ay small scale (501-5000 manok), ito ay dapat na may layong kagaya ng mga sumusunod:

a. 200 metro o higit pa mula sa built-up areas;

b. 200 metro para sa mga residensyal, komersyal, institusyunal at industriyal na lugar;

c. 250 metro mula sa pangunahing kalsada at

d. 100 metro ang layo mula sa ibang manukan.

Kaugnay sa nakasaad ukol sa distansya , sinabi ni SB Romel J. Villanueva na sa existing ordinance ay 500 metro para sa small scale ang layo mula sa built up areas, gayundin sa mga residensyal, komersyal, institusyunal at industriayal. Ngunit sa draft ordinance ay ginawa na lamang itong 200 metro at pati na rin ang layo sa kalsada; ang layo naman sa ibang manukan na dati ay 500m, ginawa itong 200 metro. Sinabi pa ni SB romel J. Villanueva na sa pagbabalangkas ng ordinansang pinag-uusapan ay katulong sa pag-aaral nito ang Municipal Development Cooperative Council. Subalit ayon sa kagawad upang higit na mabigyan ng linaw ang mga nakasaad na distansya, aniya'y ang tanggapan ng MPDC ang mas nakakaalam ng tungkol rito, kaya't sa pagkakataong ito ay ibinigay kay Engr. Ariel M. de leon ang hapag upang siya ang magpaliwanag ukol rito.

Ipinaliwanag ni MPDC Ariel M. de Leon una ay ang backyard na manukan/babuyan, sinabi niya na dito ay sampu (10) pababang biik ang kailangang alagaan at ito ay pinapayagan din sa mga rural na barangay, kaya dito sa Poblacion ay bawal ang backyard na manukan/babuyan at gayun din doon sa barangay na maiko-consider na urbanized barangay, tulad ng Brgy. Duhat, dalawang Talaongan at Lumot-Mahipon. Dahil sa Silangan at Kanluran Talaongan daw may mga high end ng subdivision at sa Lumot naman daw ay may portion na ng Hamptons Caliraya at may mga resort na rin, kaya ipinagbabawal na rin doon kahit backyard na manukan/babuyan. Dagdag pa ni MPDC Ariel M. de Leon na ang backyard na manukan/babuyan ay programa pa noon ni Dra. Taleon.

Tinunghayan ang sipi ng draft ordinance at binasa niya ito sa hapag, kasunod ang pagpapaliwanag gaya ng sumusunod:

Seksyon 8. (d) 6. Kung ang manukan ay small scale (501-5000 manok), ito ay dapat na may layong kagaya ng mga sumusunod:

a. 200 metro o higit pa mula sa built-up areas;

b. 200 metro para sa mga residensyal, komersyal, institusyunal at industriyal na lugar;

c. 250 metro mula sa pangunahing kalsada at

d. 100 metro ang layo mula sa ibang manukan.

Sang-ayon pa kay MPDC Ariel M. de Leon, kung titingnan daw sa dating ordinansa sa pagmamanukan/pagbababuyan ay 500 metro ang layo sa built up areas, ito ay para sa small scale (501-5000 manok) at para sa kanyang opinyon ay ayos na ang ganitong distansya.

Ipinaliwanag ni MPDC Ariel M. de leon ang basehan ng built up areas, ito daw maaaring ang Barangay Hall ang maging basehan/o kaya naman daw ay sa residensyal na may sapu o higit pa ang bahay.

Binigyan paliwanag din ni MPDC Ariel M. de Leon ang tinatawag na pangunahing kalsada, gaya ng mga sumusunod: National Highway, Provincial Road at Municipal Road/street road; sa dating ordinansa ang nakasaad na layo ng manukan mula sa mga kalsadang nabanggit ay 200 metro at sa draft ordinance ay ginawa itong 250 metro. Pagdating naman sa medium and large scale na manukan/babuyan na ang nakasaad na layo sa draft ordinance ay gaya ng mga sumusunod:

7. Kung ang manukan ay medium scale (5001-10,000 manok) o large scale (10,000 o higit pa), ito ay dapat may layong hindi bababa kagaya ng mga sumusunod:

a. 100 metro mula sa built up areas;
b. 200 metro para sa mga residensyal, komersyal, institusyunal at industriyal na lugar;
c. 250 metro mula sa pangunahing kalsada at
d. 100 metro mula sa ibang manukan.

Kaugnay sa mga distansyang nabanggit, itinanong ni MPDC Ariel M. de Leon sa hapag kung sang-ayon ba sila rito na ito ang mapasaad sa ordinansa? Sapagkat aniya kaya niya tinatanong ang tungkol rito ay kailangang i-consider ang mga kababayan dahil ito naman daw ay mga proposed pa lamang ayon sa ginawang pag-aaral ng mga kinauukulan. Inihalintulad ni MPDC Ariel M. de Leon ang distansya sa agwat ng bawat poste ng ilaw upang higit itong maunawaan ng nakararami; Sinabi niya na ang bawat poste daw ng ilaw ay 30-50 meters ang layo bawat isa, kaya kung 100 metro ang layo nito mula sa built up areas , ang katumbas nito ay magiging 3-4 na poste at ito iyong itinatanong MPDC sa hapag kung sumasang-ayon sila rito, dahil, aniya kapag payag na ganito ang layo ay ito na ang isasaad sa ordinansa para pagtitibayin upang sa ganoon ay hindi na rin daw magreklamo ang mga taga barangay.

Marami sa nasa kapulungan ang sumang-ayon sa gaya ng distansyang ipinaliwanag ni MPDC Ariel M. de Leon.

Bilang karagdagang impormasyon, sinabi ni SB Jimmy Jose V. Oliveros na kaya hiningi ang opinyon ng bawat isa ay dahil pagkatapos daw ng Pampublikong Pagdinig ay pagitibayin na ito sa Sangguniang Bayan at kasunod na ang pagpapatupad nito. Dagdag pa ng kagawad na kaya daw inanyayahan ang mga kinauukulan mula sa iba't ibang barangay ay upang sila naman ang makapagpaliwanag sa kanilang mga kabarangay. Sinabi pa niya na malinaw naman ang mga nakasaad na probisyon sa ordinansa at ito ay higit pang binigyang linaw ni MPDC Ariel M. de Leon.

Sa panig naman ni Punong Barangay Clement Chin, sinabi na sa mga manukan/babuyan sa mga barangay, aniya ay pabor naman siya sa mga distansya para sa malilit na manaukan/babuyan, subalit doon daw sa malalaki ay isinuhestyon niya na medyo ilayo-layo pa sa kalsada sapagkat talaga daw umaamoy kapag malapit ito.

Pagbati at pasasalamat ni G. Eladio Oliveros ang ipinaabot sa hapag dahil siya daw naman ay hindi talagang naanyayahan sa pampublikong Pagdinig na ito ngunit nagkataon lamang na siya ay napadaan dito at kanyang nalaman na may ganitong patawag kaya siya'y dumalo. Ipinakilala niya ang kanyang sarili at bilang isang concern citizen ay nakilahok sa talakayan at komento ni G. Eladio Oliveros sa binanggit ni SB Jimmy Oliveros na matapos ang Public Hearing ay ipatutupad na, at ang bagay na ito ay nilinaw ni G. Eladio Oliveros. Dahil ibig daw bang sabihin ay ia-aprub na ito? Na dapat daw ay ang Public Hearing ay sa Plaza ginanap o sa mga barangay upang malaman daw ng lahat ang tungkol rito. Itinanong din ni G. Eladio Oliveros na kung ang dating ordinansa ay ipinatutupad ng maayos? Sapagkat doon daw sa pamagat pa lamang ng ordinansa ay nakasaad na **MAHIGPIT NA IPINATUTUPAD** at mariin niyang paulit-ulit na sinasambit ang gaya ng binabanggit sa pamagat ng ordinansa. Sapagkat kung ito daw ay naipatutupad ng maayos ay hindi daw dadami ang langaw na ito ang nagiging problema dahil nakakaapekto sa kalusugan ng mga mamamayan. Binigyang puna din ni G. Eladio Oliveros na base sa pag-aamyenda na doon ay nakasaad din na isa sa kadahilanan ay ang tungkol sa langaw..... at bukod rito ay may nakasaad rin daw na "**dahil sa Kautusang Pambayan Blg. 2018-04 ay walang nai-ulat na nakasama sa kalusugan o negosyo ninuman.** Samantalang aniya'y ang langaw ay nakakaapekto sa kalusugan? Kaya hiling niya sa hapag na bago daw ang pag-aamyenda ay kailangang pag-isipan munang mabuti.

Paglilinaw ni SB Jimmy Jose V. Oliveros sa kanyang naunang pahayag na kung magkakaisa daw ay saka ipatutupad at aniya'y kaya nga nagpatawag ng Public Hearing ay upang hingin ang opinyon ng nakararami. Ipinaliwag ng kagawad na matapos ang Pampublikong Pagdinig, ito ay dadaan pa sa ikalwang pagbasa at dito ay magkakaroon ng deliberasyon ang bumubuo ng Sangguniang Bayan para muling pag-aralan ang mga nakasaad na probisyon sa ordinansa at matapos ang 2nd reading ay magkakaroon pa ng ikatlo at

huling pagbasa bago ito ganap na mapagtibay at ipapaskel din sa mga hayag na lugar/barangay bago ito ipatupad.

Ipinararating naman ni MPDC Ariel M. de Leon na noon daw ay may panahon na sila (Task Force) ay nagbibisita ng mga manukan/babuyan na kapag nakita na mayroong hindi tumutupad sa ordinansa ay ipinasasara. Ayon pa kay MPDC ang layunin nito ay pagsabayin ang pangkabuhayan ng industriya ng turismo at paghahayupan. Sinabi rin niya na na-i-intindihan daw naman ang damdamin ni G. Eladio Oliveros sapagkat ang ordinansa ay pangkalahatan, subalit talaga daw may ma-aapektuhan, kaya ang mga bagay-bagay ay pinag-aaralan kung ano ang makabubuti. Sinabi pa ni MPDC Ariel M. De Leon na kapag ang mga manukan ay magiging tuloy-tuloy ang operasyon dito sa ating bayan, aniya ay hindi na rin kukuha ng ipot sa ibang may manukan ang mga magsasakang nangangailangan nito at sa ayon sa iba ay ang pagbibyahe ng ipot ay sanhi rin ng pagdami ng langaw.

Pasasalamat din ni G. Sofronio Blasitique sa pagkakataong ibinigay upang makapagpahayag ng ilang impormasyon kaugnay sa paksain, na aniya'y bagama at hindi rin siya napadalhan ng liham para dumalo sa pulong na ito ngunit napatyempo na siya ay nag-aasikaso ng Business Permit para sa kanyang manukan. Kaya't sinamantala na ni G. Sofronio Blastique ang pagkakataong ito para makilahok sa Pampublikong Pagdinig na ito. Sinabi niya na sa panig ng isang may manukan kung saan ay pinasasalamatan niya ang mga namumuno sa bayan dahil binibigyang pansin ang kanilang hinaing at aniya ay tama naman na dapat ay balansehin ang turismo at paghahayupan ngunit ang kailangan lamang ay humanap at gawin ang epektibong pamamaraan kung paano masusugpo ang langaw. Gaya daw sa may daan ng Inao-awan kung saan si G. Sofronio Blastique ay may manukan at binabantayan nila para hindi dumami ang lanagaw. Binanggit din niya na may mga tao siyang binabayaran para magtrabaho sa manukan, kaya dapat ay may check in balance ang turismo at paghahayupan. Suhestyon din niya na kung maari daw ay dapat na magkaroon ng programa ang munisipyo na makapag-seminar/training sa mga may-ari ng manukan upang higit na magkaroon ng sapat na kaalaman sa mapapahala rito. Opinyon din ni G. Sofronio Blastique na siguro daw ay strict implementation ng batas ang solusyon sa problema sa langaw.

Dito ay hiniling naman ni Brgy. Kagawad ng Paowin, Jay Oliveros na kung maaari ay mabigyan muna ng pagkaktaon si MPDC Ariel M. de Leon na tapusin ang pagpapaliwanag sa ordinansang pinag-uusapan.

Sa pagpapatuloy ni MPDC Ariel M. de Leon, ipinararating niya na kaugnay nga ng medium/large scale na manukan/babuyan, tulad sa Barangay Bulajo may dalawang (2) manukan; isa (1) Layasin; isa sa Bangco at isa (1) rin sa Bangco na kung saan sa mga barangay na nabanggit ay pinapayagan ang agro-industrial program; at sa dating ordinansa ang layo ay 1000metro, ito ayon sa guidelines para sa mga poultry. Dagdag pa ni MPDC Ariel M. de Leon na kaya ganito ang distansya ay upang maiwasan ang pagkakasakit sa mga manok. Ngunit minsan daw ay hindi rin ito ang nagiging dahilan ng pagkakasakit ng manok/baboy at may tinatawag na migratory birds flu mula sa ibang bansa. Kaya ayon kay MPDC Ariel M. de Leon, ang katotohanan ay hindi sa distansya/dami ng alagang manok/baboy ang nagiging sanhi ng pagkakasakit kundi aniya ay sa tamang pamamahala. Siguro daw ang distansya ay maaaring guideines lamang, kaya pwede daw na ito'y pababain/pataasin kung ano ang mapagkakasunduan ng nakararami ngunit sa panig daw ni MPDC ay wala namang masamang pababain ang radius sa 500 metro. Nabanggit din niya na iyong mga dati ng may manukan ay pweding mag-operate subalit hindi na maaaring magdagdag at hindi pa rin pinapayagan ang magtatayo ng bagong manukan/babuyan. Ibinahagi rin niya na sa Lucban Quezon doon sa may Kamay ni Jesus at sa bayan ng Luisiana ay may mga manukan ngunit hindi daw inirereklamo, samantalang dito sa Cavinti ay ilan lamang ang manukan ay inirereklamo dahil sa mabahong amoy at pagdami ng langaw, kaya muli ay sinabi ni MPDC Ariel M. de Leon na siguro ay ang kailangan lamang *strict implementation* ng batas dahil tunay na sa business nangagaling ang inome hindi lamang para sa mga tao at pati na rin sa pamahalaan. Kaya panawagan niya na magtulungan para maging maayos ang lahat.

Dito ay nabanggit din ni MPDC Ariel M. de Leon na ipinagbabawal din ang magtayo ng manukan/babuyan na malapit sa lawa at ilog/watershed. Ibinahagi rin niya ang tungkol sa manukan sa may Brgy. Bukal kung saan dahil hindi masyadong maayos ang pamamahala kaya malaki raw ang nagatos sa pamatay sa langaw kaysa sa manukan na hindi naman daw ginagamit ang gamot kaya dumadami ang langaw at dahil dito ay nagkaroon ng Task Force na noon din ay nagkaroon ng pagpapasara-bukas ng manukan doon.

Pagbabahagi pa rin ni MPDC Ariel M. de Leon tungkol sa isang proyekto na mula sa nasyonal pamahalaan na nagkakahalaga ng P10 Milyon; P6 milyon para Building at P4 milyon para sa baboy at pagkain. ito daw ay hindi nagkaroon ng katuparan dahil sa layo na nakasaad sa orinansang pinag-uusapan. Kaya sa pangyayaring ganito ay nag-usap daw sila ni Admin. Vina Orolfo kung ano ang pupweding magandang gawin sa proyektong tulad ng ganito. Opinyon daw nila na sa barangay Udia ang pinakamalapit at may lupa na silang nakita na pupweding mapagtayuan ng babuyan/farm.

Paalala ni SB Romel sa bawat isa na kaya naririto sa Pampublikong Pagdinig ay upang makipagtulungan sa pagbabalangkas ng ordinansa para sa kapakinabangan ng nakararami at ang Sangguniang Bayan daw ay taga panguna lamang rito, kaya hiling niya sa mga may nais sabihin/suhestyon ay mangyari lamang na ibahagi sa kapulungan.

Ang concern daw ni Barangay Kagawad ng Paowin Jay Oliveros ay sa hanapbuhay lalo na sa kanilang barangay at kung papayagan na magkaroon doon ng manukan/babuyan ay magkakatrabaho ang tao roon.

Sang-ayon naman kay G. Hermie Esguerra tulad ng distansyang pinag-uusapan, aniya ito ay guidelines lamang ng mga may manukan/babuyan at kung ang sakit ay nanggagaling sa ibang bansa ay hindi naman ito kayang kontrolin. Ngunit dapat daw ay isaalang-alang din ang batas at kailangan ding ipaalam sa mamamayan. Base aniya sa talakayan, dalawa (2) negosyo ang pinagtutuunan ng pansin; 1. Industriya ng Turismo at 2. Industriya ng Agrikultura. Kaugnay rito, sinabi ni G. Hermie Esguerra na dapat ay tingnan pareho at balansehin ang dalawang ito at bigyan din ng pansin ang food security. Dahil aniya ay alin ba ang mabuti, iyong malangaw na may pagkain o walang langaw na wala namang makain. Inihambing din niya ang presyo ng karne dito sa ating bayan at sa Las Pinas na kung saan ay mayroon din siyang bahay at aniya ay mas mahal daw dito ang karne kaysa sa Las Pinas dahil hindi daw sapat ang pinagkukunan ng pagkain dito sa Cavinti , kaya umaangkat pa sa ibang lugar na nagiging dahilan ng pagtaas ng presyo ng karne dito. Dagdag pa ni G. Hermie Esguerra na kung ang manukan/babuyan ay tuloy-tuloy na magkakaroon ng operasyon dito sa ating bayan ay maraming magiging downstream industries, gaya ng feeds/agricultural supplies at magki-create ng demand. Tungkol naman sa ipot na nangagaling pa sa ibang lugar na ito ay nagdadala rin ng langaw, aniya kung marami na ang may manukan dito ay hindi na kukuha pa sa iba ang mangangailangan nito at dahil dito ay maiiwasan din ang pagdami ng langaw na dala ng ipot mula sa ibang lugar. Kaya tulad ng laging nababanggit na balansehin ang pangkabuhayan sa industriya ng turismo at sa industriya ng paghahayupan. Paalala rin ni G. Hermie Esguerra na higpitan ang implemetasyon ng batas at sugpuin ang pagdami ng langaw para masolusyunan ang problema.

Sinabi ni SB Romel J. Villanueva na sa Local Government code naman ay may nasasaad ng tungkol sa pagbabalanse ng basic services, kaya kailangang balansehin ang ekonomiya dito sa ating bayan.

Ipinararating din ni Punong Barangay Clement Chin ang kanyang concern, na kung pararamihin ang mga manok/baboy dito sa ating bayan dapat daw ay dito na rin ipagbili ang produkto na galing rito upang medyo bumaba din ang presyo ng produkto na mula sa manod at baboy kapag hindi na aangkat pa sa ibang lugar.

Sang-ayon kay SB Romel J. Villanueva na ang gaya ng nabanggit ni Punong Barangay Clement Chin, pag-aaralan din daw ng kinauukulan dahil ang kalakaran ay kailangang may *slaughter house* na alam naman natin na ang bawat proyekto ay ang kaakibat ay pondo.

Muli ay nagsalita si G. Eladio Oliveros kung saan ay itinanong ang tamang pagpoproseso ng batas/ordinansa?

Kaugnay sa tanong ni G. Eladio Oliveros, ipinaliwanag ni SB Romel Villanueva na ang proseso ng pagsasabatas ay una, First Reading; pangalwa ay isasailalim sa pampublikong pagdinig, pangatlo ay dadaan sa Ikalawang Pagbasa at doon magkakaroon ng deliberasyon ang buong Sangguniang Bayan para lubos na mapag-aralan at pang-apat- ito ay magkakaroon pa ng Ikatlo at huling pagbasa bago pa ito ganap na maging isang batas at ipapaskel din sa ilang hayag na lugar bago pa ito maipatupad.

Ipinararating din ni G. Eladio Oliveros na sa barangay Cansuso daw noon ay sobrang dami ng langaw at ang mga nagrerenew ng poultry at pinapipirma ang mga tao sa barangay, kaya hiling niya na sana daw ang mga may poultry ay magkaroon uli ng pagpapapirma sa tao bago mag renew ng Business Permit.

Sa puntong ganito, sinabi ni SB Romel J. Villanueva na ang Pambayang ordinansa daw pweding i-adopt ng barangay at gumawa sila ng ordinansa na aakma sa kanilang barangay at magpatawag din ng Pampublikong Pagdinig. Dagdag pa ng kagawad na kaya ang ipinatawag ay ang kinauukulang komite sa bawat barangay ay upang sila na ang bahalang magparating sa kanilang mga kabarangay.

Pagbabahagi rin ni Punong Barangay Ronald Lubuguin ng Barangay Bangco , aniya sa kanilang barangay ay may malalaking manukan at may magpapatayo pa ng modernong building na ito daw ay may conveyor. Doon daw sa isang manukan ay nagkaroon ng problema at bilang namumuno sa barangay ay sila ang dapat gumawa ng aksyon rito. Tulad din halimbawa'y dumadami ang langaw mismong ang pamunuan ng barangay ang bibisita sa manukan at sila ang maninita ng mga ipinagbabawal at kung kinakailangang iparating sa kinauukulan ay sila na rin ang tumatawag para iparating ang problema.

Pahayag naman ni SB Godfrey L. Lubuguin na lahat ay makakatulong sa bawat isa ang paksain at kailangan din nating bigyang pansin kung paano makatutulong sa sector ng pang-agrikultura. Aniya ay kung ang papansinin ay ang pagdami ng langaw na ito ay nagiging problema, suhestyon ng kagawad na kung sino man ang nasa barangay ay huwag na daw mahiya na mag-report sa kinauukulan upang ito ay mapuntahan ng Task Force sapagkat ang pamunuan daw ang dapat ay nakakaalam ng sitwasyon sa barangay. Aniya'y gaya ng ginagawa ng pamunuan sa Barangay Bangco. Dito ay itinanong din kay MPDC Ariel M. de Leon ang basehan ng panuntunan sa pagmamanukan/pagbababuyan.

Ipinaliwanag ni MPDC Ariel M. de Leon na sa CLUP ay nakapaloob ang Agricultural Zone at ang mga barangay na may mga Poultry ay ang mga barangay ng Bangco, Layasin, Bulajo at Layug na ang mga nabanggit na mga barangay ay pasok sa Agricultural Zone. Dagdag pa ni MPDC na ang Barangay Udia at Labayo ay pwede ring i-consider at sa Barangay ng Anglas ay may portion din at ang malaking bahagi rito ay Tourism. Nabanggit din niya na ang Barangay Sumucab ay may bahagi ng Watershed/NPC kaya hindi rin pinapayagan ang manukan/babuyan.

Ipinararating din ni MPDC Ariel M. de Leon na sa mga panahong ito ay magkakaroon ng re-zoning at sisimulan na ang mapping at ang uunahin daw na mai-plot ay ang mga barangay na napoultry para makita ang layo nito. Dagdag pa niya na sa re-zoning ay makikita kung aling lugar ang Agro-Industrial Zone at Eco-Tourism Zone at pagnatapos nito, sa susunod na pagpupulong ay ipapakita kung saan pwede magtayo ng poultry.

Sinabi ni SB Godfrey Lubuguin na si MPDC Ariel M. de Leon ang higit na nakakaalam ng tungkol sa paksang pinag-uusapan at aniya'y dapat ay mapag-aralan mabuti ang mga bagay-bagay ukol rito. Ayon sa kagawad ay ayaw niyang mapagaya sa nangyari sa Ormoc na nagkaroon ng usapin dahil may farm na nakapasok sa Watershed.

Paglilinaw ni Barangay Lamberto Ramos at itinanong kung ang dating may manukan ay pwede pang magpatuloy?

Bilang tugon ni MPDC Ariel M. de Leon sinabi na ang dati ng may manukan ay pinapayagan pa na maipagpatuloy kahit pasok sa zoning ngunit hindi na pinapayagang magdagdag pa. Subalit matapos ang rezoning at ito ay pasok pa ay hindi na papayagan at isusussog na sa ordinansa. Kaya ipinapayo ni MPDC Ariel M. de Leon na kung sino man ang may nais magtayo ng manukan/babuyan ay ilayo na sa kalsada.

Kaugnay sa paksang pinag-uusapan sinabi ni Punong Barangay ng Sisilmin Marlon Oliveros ang problema sa langaw ay matagal ng usapin at base nga sa mga naunang nabanggit na kagaya sa ibang lugar gaya sa Lucban at Luisiana na may mga Poultry/babuyan din ay patuloy ang operasyon. Tanong niya bakit hindi daw ba pweding gawin dito sa ating bayan ang ipinatutupad na batas doon. Ayon pa sa kagawad ay siguro daw ay kulang din sa impormasyon ang mga may-ari ng manukan. Tungkol naman daw sa tourism zone na sinasabi, dapat daw huwag lamang ito ang pagtuunan ng pansin at sabi nga ay balansehin at hanapan ng solusyon ang pagdami ng langaw dahil marami ang nagnanais na makapaghanapbuhay. Kaya suhestyon ni Punong Barangay Marlon Oliveros na pag-aralang mabuti kung paano makakapaghanap-buhay sa pagmamanukan/pagbababuyan.

Gaya nga nabanggit sa una tungkol sa zoning kung saan ayon kay SB Romel J. Villanueva na Si MPDC Ariel M. de Leon ay magpapatawag ng pagpupulong sa miyembro ng Municipal Development Council at ang bumubuo nito ay ang mga Punong Barangay ng lahat ng barangay dito sa nasasakupan ng Cavinti.

Dito ay nabanggit din ni SB Romel J. Villanueva ang tungkol sa babuyan na itatayo sa Barangay Layug at itinanong kung ito daw ba ay natuloy, dahil aniya sa Business Permit at kung ito daw ay matutuloy, paalala ng kagawad na dapat ay ang 80% ng kukuhaning manggagawa/tauhan ay mga taga-Cavinti.

Ipinararating naman ni SB Glenn Haze M. CAbuhat sa hapag na bilang Chairman ng Committee on Tourism na kung saan sila daw ay may Group Chat/GC at susog sa isyu ng Poultry ay minsan daw ay nababasa niya rito na may nagrereklamong mga turista sa dami ng langaw at kapag ang ganito'y nalaman ng ibang turista na naka-booking na, sila ay kakansela na. Kaya panawagan ng kagawad sa may ari ng mga poultry na malapit sa mga resort na dapat ay laging mag-spray ng gamot sa langaw at tulad ng mga suhestyon ng na dapat ay balansehin ang industriya ng turismo at ng industriya ng paghahayupan.

Paglilinaw din ni G. Eladio Oliveros tungkol sa sinasabing backyard na babuyan at dito ay itinanong niya kung ilan ba ang baboy na dapat alagaan dito?

Sang-ayon kay MPDC Ariel M. de Leon sa backyard ay dapat hanggang sampung (10) biik at isang inahin lamang ang kailangang alagaan at kapag sampung fattener o higit pa, hindi na ito pang-backyard at commercial na ang category nito.

Sa puntong ganito, sinabi ni G, Eladio Oliveros na noon daw ay nag-alaga siya ng baboy sa kanilang backyard at wala naman itong sampu ay inereklamo siya ng kanilang kapit-bahay samantalang ito naman daw ay kanya ring nililinisan.

Sinabi ni MPDC Ariel M. de Leon na siguro daw ay naglilinis nga banlat ngunit itinataboy lamang sa paligid nito kaya mabaho pa rin at dito ay ipinayo niya na magkaroon ng proper disposal para sa dumi ng baboy. Dagdag pa ni MPDC na kaya inirereklamo ay dahil na sa kapabayaan ng may-ari ng baboy.

Karagdagang paalala ni SB Romel J. Villanueva, sinabi na obligasyon ng may-ari ng babuyan ang panatilihing laging malinis ang kanilang kapaligiran.

Kaugnay pa rin sa pagbababuyan, itinanong ni Barangay Kagawad Lamberto Ramos sa Chairman ng Comm. on Agriculture SB Jimmy Jose V. Oliveros kung mayroon pang programa na pang-agrikultura sa pamimigay ng baboy?

Tugon ni SB Jimmy Jose V. Oliveros na ang inuuna daw muna ay ang ordinansa at aniya ay isusunod na ang programa sa pag-hahayupan. Tungkol naman doon sa nabanggit na proyekto sa Layug sa pagbababuyan na hindi natuloy at ayon sa kagawad ay makikipag-ugnayan siya kay Admin Vina Orolfo para isulong ang programa para makahingi ng pondo sa nasyonal na pamahalaan upang may maipamagi sa mga mamamayan.

Kaugnay sa katanungan ni G. Eladio Oliveros, kung ilang baboy ang dapat alagaan sa backyard at paliwanag ni SB Jimmy Jose V. Oliveros na kung ang magkakalapit bahay ay mag-aalaga ng tig-sasampung baboy, ito daw ay hindi na masasabing backyard at hindi daw ito pinapayagan, kaya ayon sa kagawad ay kung magsisipag-alaga ng baboy ang magkakapit bahay ay kailangang isang baboy sa isang bahay.

Pinasalamatan ni G. Sofronio Blastique ang mga opisyales ng lokal na pamahalaan at nabigyan ng pansin ang pang-agrikulturang hanapbuhay dito sa Cavinti lalo na sa manukan/babuyan at sa kadahilanang ngayon ay panahon ng pag-aasikaso ng Business Permit kung saan ay nais niyang linawin kung pwede ng kumuha nito ang mga may poultry?

Sinabi ni SB Romel J. Villanueva na iyong may mga existing ng manukan ay pwede ng mag-asikaso ng Business Permit habang ang pag-aamyenda ng ordinansa ay kasalukuyan pang pinag-uusapan at aniya'y ito naman ay for 2nd Reading kaya malapit na itong mapagtibay.

Sapagkat wala ng nais pang magbigay ng komento kaugnay sa paksang pinag-uusapan at dahil dito ay iminungkahi ni SB Jimmy Jose V. Oliveros na ang paksa na may pamagat na "ISANG KAUTUSAN NA NAG-AAMYENDA SA PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2018-04 NA MAY PAMAGAT NA "PAMBAYANG KAUTUSANG MAHIGPIT NA IPINATUTUPAD ANG MGA BAGONG PANUNTUNAN AT PATAKARAN PARA SA OPERASYON NG MGA KOMERSYAL AT PANGBAKURANG PAGMAMANUKAN AT PAGBABABUYAN AT/O IBA PANG URI NG PAGHAHAYUPAN DITO SA NASASAKUPAN NG CAVINTI, LAGUNA AT PAGPAPATAW NG MULTA AT KAPARUSAHAN SA SINUMANG LALABAG SA KAUTUSANG ITO NA GINANAP NOONG IKA-31 NG ENERO 2024, DITO SA BULWAGANG PULUNGANG PAMBAYAN na mailiwat sa ikalawang pagbasa.

Pinangalwahan ni SB Godfrey L. Lubuguin ang naging mungkahi at sinang-ayunan ng lahat sa kapulungan. Tinapos ang pagpupulong sa ganap na ika-11:15 ng umaga.

Inihanda ni:

ZAINE A. LACOSTALES
Admin. Asst. I

MAY KINALAMAN:

SB ROMEL J. VILLANUEVAT
TAGAPANGULO LUPON SA MGA BATAS, ORDINANSA AT LEGAL NA USAPIN

SB GODFREY L. LUBUGUIN
TAGAPANGULO LUPON SA GAMIT SA LUPA

SB JIMMY JOSE V. OLIVEROS
TAGAPANGULO LUPON SA AGRIKULTURA

SB GLENN HAZE M. CABUHAT
TAGAPANGULO LUPON SA TURISMO

SB HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE
KASAPI

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

## ATTENDANCE SHEET

| MEETING: Public Hearing - Pag-aamyenda ng ord. re: Manukan at Babuyan | DATE: 10-31-24 |
|---|---|
| | TIME: |

| NAME | BRGY / OFFICE | CP NUMBER | SIGNATURE |
|---|---|---|---|
| 1. Marife D. Blaza | Layug | 09665998106 | [signature] |
| 2. Roger B. Pereña | Layug | 09317956885 | [signature] |
| 3. JAY V. OLIVEROS | PAOWIN | 09094322541 | [signature] |
| 4. Arnold T. Pavin | Sit. Talaongan | 09495448538 | [signature] |
| 5. Edgar A. Balleso | K. Talaongan | 09972980770 | [signature] |
| 6. Ryan G. Oliveros | PAOWIN | 09187430369 | [signature] |
| 7. John Lloyd Gingo | DUHAT | 09365357868 | [signature] |
| 8. LAMBERTO R. [illegible] | BUKAL | 09508281737 | [signature] |
| 9. JOVEN P. LAVIN | K. TAL | 09168758159 | [signature] |
| 10. Clement O. Chin | CANSUSO | 0938265053[illegible] | [signature] |
| 11. Saylord E. Nacion | Cansuso | 09942590820 | [signature] |
| 12. Violeta G. Cube | Sumucab | 09605426402 | [signature] |
| 13. Lalaine A. Valdepeñas | Sumucab | 09302179195 | [signature] |
| 14. PETER P. OLIVEROS | SUMUCAB | 09307144974 | [signature] |
| 15. Andres P. Blaza | Poblacion | 09500029915 | [signature] |
| 16. RUEL P. PINILI | DUHAT | 09081088062 | [signature] |
| 17. REYMOND D. ARANZA | LUMOT | 09708408247 | [signature] |
| 18. JOMAR IWANAT | TIBATIB | 09073920602 | [signature] |
| 19. REYMOND L. LIWAG | POBLACION | 09090854459 | [signature] |
| 20. Eladio Oliveros | Cansuso | 09[illegible]5364 | [signature] |
| 21. ROMAN [illegible] | BANGCO | 09201084839 | [signature] |
| 22. Jimmy Oliveros | SB | | [signature] |
| 23. GODFREY L. [illegible] | SB | 0919070[illegible] | [signature] |
| 24. Glenn Hane Cabuhat | SB | 09688960277 | [signature] |
| 25. HABSHAM DAVE BLASTIQUE | SB | | [signature] |

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

## ATTENDANCE SHEET

| MEETING: Public Hearing - Pag-aamyenda ng ord. re: Manukan at Babuyan | DATE: 10-31-24 |
| --- | --- |
| | TIME: |

| NAME | BRGY / OFFICE | CP NUMBER | SIGNATURE |
| --- | --- | --- | --- |
| 1. Marife D. Blaza | Layug | 09665998106 | [signature] |
| 2. Roger B. Pereña | Layug | 09317956885 | [signature] |
| 3. JAY V. OLIVEROS | PAOWIN | 09094322541 | [signature] |
| 4. Arnold T. Pavin | Sit. Talaongan | 09495448558 | [signature] |
| 5. Edgar A. Ballesos | K. Talaongan | 09972980770 | [signature] |
| 6. Ryan G. Oliveros | PAOWIN | 09187430369 | [signature] |
| 7. John Lloyd Gingo | DUHAT | 09365357868 | [signature] |
| 8. LAMBERTO R. PAMOS | BUKAL | 09508281737 | [signature] |
| 9. JOVEN P. LAVIÑA | K. TAL | 09168758159 | [signature] |
| 10. Clement O. CAIN | CANSUSO | 0938265053f | [signature] |
| 11. Jaylord E. Nacion | Cansuso | 09442590820 | [signature] |
| 12. Violeta G. Cube | Sumucab | 09605426462 | [signature] |
| 13. Lalaine A. Valdepeñas | Sumucab | 09302179195 | [signature] |
| 14. PETER P. OLIVEROS | SUMUCAB | 09307144974 | [signature] |
| 15. Andres P. Blaza | Poblacion | 09500029915 | [signature] |
| 16. RUEL P. PINILI | DUHAT | 09081088062 | [signature] |
| 17. REYMOND D. ARANZA | LUMOT | 09708408247 | [signature] |
| 18. JOMAR IWANAT | TIBATIB | 09073920602 | [signature] |
| 19. REYMOND L. LIWAG | POBLACION | 09090854459 | [signature] |
| 20. Eladio Oliveros | Cansuso | 09554115364 | [signature] |
| 21. ROMAN MABUGUIN | BANGCO | 09201084839 | [signature] |
| 22. Jimmy Oliveros | SB | | [signature] |
| 23. GODFREY L. MABUGUIN | SB | 0919070604 | [signature] |
| 24. Glenn Hope Cabuhat | SB | 09688960277 | [signature] |
| 25. HABSHAM DAVE BLASTIQUE | SB | | [signature] |